



**1100 Christian Leadership ©**

**Conrad Jun Tolosa**

Revised March 14, 2020

**1106. Ang Leader Controller**

Sa 1 Peter 5:1-3, sinasabi ni Pedro ang ganito: *Sa mga matatandang namamahala sa inyo, nananawagan ako bilang isang matandang tulad ninyo . . . alagaan ninyo ang kawang ipinagkatiwala sa inyo ng Diyos. Pamahalaan ninyo ito ng maluwas sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iyan ang ibig ng Diyos. Gampanan ninyo ang inyong tungkulin, hindi dahil sa masakim na paghahangad ng pansariling kapakinabangan, kundi sa katuwaang maglingkod. Hindi bilang panginoon ng inyong mga nasasakupan, kundi bilang halimbawa ng inyong mga kawan.* Sa pamamahala sa iglesia, ang paggamit ng control ay nagsisimula sa lider. Ang makadiyos na lider ay dapat mayroong pagtitimpi sa sarili, tamang motibo at mayroong pinapakitang mabuting halimbawa. Ang control ay binubuo ng tatlong bagay: *Paghahanda, Paggipigil, at Pananagutan.*

Una, ang pagcocontrol ay nagsisimula sa paghahanda. May mga local na iglesia na laging naglalaban-laban matapos na maisilang dahil sa ang kanilang pastor ay hindi ganap na handa para sa gawain. Ang preparasyon para sa ministryo ay hindi nangyayari lahat-lahat sa loob ng seminaryo. Ating isaalang-alang kung paano inihanda ng Diyos si Joseph para sa gawaing hinarap niya: Si Joseph ay nagsimulang mag-alaga ng kawan ng kanyang ama kasama ng kanyang mga kapatid na lalaki. Siya ay tanging kinalugdan ng kanyang amang si Jacob. Dahil sa siya ay halatang paborito, siya ay lihim na kinamuhian ng kanyang mga kapatid. Si Joseph ay labing pitong taon ng mga panahong iyon.

Minsan inutusan ni Jacob si Joseph na pumunta sa kanyang mga kapatid na nagpapastol sa may kalayuung lugar para tingnan ang kanilang sitwasyon. Bago pa makalapit si Joseph sa kanyang mga kapatid, siya ay pinagbalakan nang patayin. Subalit hindi siya pinatay, salamat sa panganay na si Reuben na tumangging makiayon sa masamang plano. Sa halip na patayin si Joseph ay ipinagbili na lamang siya sa mga Ismaelita na nagbenta naman sa kanya sa mga Medianita na nagbenta naman sa kanya sa Egypt kay Potiphar, ang capitan ng mga bantay ng Paraon.

Napansin ni Potiphar na si Joseph ay pinapatnubayan ng Diyos. Pinagkakalooban ng Diyos ng tagumpay si Joseph sa anumang bagay na kanyang gawin. Ginawang katulong ni Potiphar si Joseph at naging tagapamahala ng kanyang sambayanan maging lahat ng kanyang ari-arian.

Kalakip ng buhay ang pagsubok at pagdurusa. Nagsisimula pa lamang na malasap ni Joseph ang kanyang tagumpay nang siya ay pagka-interesan ng asawa ni Potiphar dahil sa kanyang kakisigan. Paulit-ulit na tinanggihan ni Joseph ang paanyaya ng nagnanasang babae. Dahil sa pagkahiya at galit nang hindi siya paunlakan, pinaratangan ng babae si Joseph ng tangkang panggagahasa. Si Joseph ay tinapon sa bilangguan.

Habang nasa piitan, pinamahala ng namumuno doon si Joseph sa lahat ng mga bilanggo at sa lahat ng gawain sa preso. Muling pinagwarian si Joseph na ang Panginoon ay sumasakanya at nagdudulot ng tagumpay sa anumang kanyang gawin.

Isang araw, ipinaliwanag ni Joseph ang panaginip ng dalawang kasamahan. Ang kanyang interpretasyon ay napatunayang parehong tama. Ito ang nagdala sa kanya sa harap ng Paraon upang ipaliwanag ang panaginip ng hari na hindi maunawaan ng sinumang maalam na tao sa buong Egypt. Naunawaan ni Joseph ang panaginip ng Paraon at maingat niyang sinabi ang kahulugan nito. Namangha ang Paraon sa kanyang karunungan at pagwawari. Ito ay nauwi sa kanyang pagiging kanang kamay ng Paraon at punong ministro sa buong lupain ng Egypt. Si Joseph ay 30 taon nang panahong iyon.

Ang Diyos ay gumamit ng mga totoong sitwasyon sa buhay upang ihanda si Joseph. Walang duda na siya ay pinagkalooban ng karunungan at ng malinaw na kaunawaan sa kalikasan at kaparaanan ng Diyos. Ang isang mahalagang bagay na dapat mapuna ay ang paggamit ni Joseph sa mga kaloob na ito upang mabigyang luwalhati ang Diyos sa parehong pagkakataon ng paghihirap at oportunidad.

Ikalawa, ang pagcocontrol ay pagpipigil. Laging magkakaroon ng mga tukso o udyok upang mabago ang pagpapatupad ng plano o mabago ang paggamit ng budget sa paraang hindi pinagkasunduan. O kaya naman ay ang magkaroon ng mga bagong programa na hindi pa masusing napag-iisipan. Ito ang pagkakataon kung saan ang mabuting lider ay kinakailangang maging magaling na tagapamahala. Ang wala sa budget at pabigla-biglang paggastos ay dapat iwasan. Ang pagpapatupad ng programa ay dapat manatili sa target. Dahil sa alam ni Joseph ang kahalagahan ng katangiang magkaroon ng control, ang sapat na pagkain ay naimbak niya upang mailigtas ang mundo sa dumating na kagutuman.

Ang mahusay na tagapamahala ay nagpipigil sa kanyang mga tauhan na mag-iba ng daan sa tuwing sila ay malulubak. Ang sinumang nagnanasa na maging mahusay na tagapamahala ay dapat magkaroon ng pagpipigil sa sarili. Ang Galatians 5:23 ay nagsasabi sa atin na ang pagcocontrol sa sarili ay bahagi ng bunga ng Espiritu. Dahil sa ang Banal na Espiritu ay nananahan sa mga mananampalataya, ang pagpipigil sa sarili ay isang nakamamanghang posibilidad sa kanilang buhay.

Ikatlo, ang pagcocontrol ay kinapapalooban ng pananagutan. Ang lahat ng awtoridad ay ipinagkaloob na sa Panginoong Jesus (Matthew 28:16). Kung gayon, ang bawat isa ay may pananagutan sa Kanya kahit nasa sa ilalim ng pamamahala ng tao. Ang mga anak ay nasa ilalim ng pamamahala ng magulang; ang mga mananampalataya ay nasa ilalim ng pamamahala ng mga elders ng iglesya; ang mga mamamayan ng isang bansa ay nasa ilalim ng pamamahala ng estado. Ang sinumang nag-iisip bilang sariling amo ay nandaraya sa kanyang sarili. Ang sinumang nag-iisip na siya ay tuwirang napapailalim sa pamamahala ni Cristo (or directly under the authority of Christ, samakatuwid ay mananagot directly to Him only) ay nandaraya rin sa kanilang sarili. Sa Kanyang economiya inilagay ng Diyos ang bawat isa sa ilalim ng gobyerno ng tao. Ang pagbibigay ng direksyon sa iglesya ay itinalaga ni Cristo sa mga elders kasama ang mga diakono bilang alalay. Ito ang dahilan kung bakit isa sa mga kinakailangang katangian sa pagiging elder o diakono ayon sa 1 Timothy 3:4 at 12 ay ang mabuting pamamahala sa sariling sambahayan na napatunayan ng pagiging magalang at masunurin ng kanyang mga anak. Ang pag-submit ng program progress report at financial report ay mahalagang gawain ng pamamahala. Pinalalakas nito ang pananagutan sa buong organisasyon at ang pagkaloob ng detalye para sa gawain ng evaluation at measurement. Itong mahalagang bagay na ito ang kinaliligtaang madalas ng mga Filipino leaders.

**PAUNAWA:** Isa lamang ang perfect leader - - ang Panginoong Jesus. Gayun pa man, ang mabuting lider ay nakauunawa ng kanyang sariling kalakasan at limitasyon kaya naman nakadepende siya lagi sa Diyos para sa ikatatagumpay ng kanyang gawain at paglulutas ng kanyang mga problema at gayundin ng

kanyang kawan. Sa kabilang palad, kung kayo ay naghahanap ng makadiyos na pamumuno, katagpuin ninyo ang isang tao na nagtataglay ng marami sa mga katangian at abilidad na ating pinag-aralan. At kapag natagpuan ninyo siya, makinig kayo sa kanya, suportahan ninyo siya sa kanyang mga plano at lagi siyang ipanalangin.

***Pag-isipan:***

1. Bakit mahalaga at paano maisasagawa ang pagco-control sa organisasyon?

**I. Multiple choice**

1. Sa pamamahala ng iglesya, ang paggamit ng control ay nagsisimula sa
  - a. Mga miyembro at lider
  - b. Mga matatanda sa iglesya
  - c. Leader ng iglesya
2. Ang control ay binubuo ng tatlong bagay:
  - a. Paghahanda, pamimili at pananagutan
  - b. Paghahandog, pagpipigil at pananagutan
  - c. Paghahanda, pagpipigil at pananagutan
  - d. None of the above
3. Ang pagco-control na nagsisimula sa paghahanda
  - a. ay napag-aaralan sa seminary.
  - b. ay matututuhan kung mag-aaral tayong mabuti.
  - c. ay matututuhan sa pamamagitan ng mga iba't-ibang totoong sitwasyon sa ating buhay.
4. Nagsisimula ang paghahanda sa atin ng Diyos sa pamamagitan
  - a. ng mga pagsubok sa ating buhay
  - b. ng pagbibigay sa atin ng maliliit na gawain
  - c. ng paghahain sa atin ng lahat ng ating pangangailangan.
5. Nagsimula ang paghahanda ng Panginoon kay Joseph nang
  - a. simula siyang kamuhian ng kanyang mga kapatid.
  - b. magsimula siyang mag-alaga ng kawan ng kanyang ama.
  - c. maging paborito siya ng kanyang ama.
6. Si Joseph ay binalak patayin ng kanyang mga kapatid subalit
  - a. siya ay ipinagbili na lang kay Potiphar
  - b. siya ay ipinagbili na lang sa mga Ismaelita
  - c. siya ay ipinagbili na lang sa mga Midianita
7. Nagtagumpay si Joseph bilang tagapamahala ng sambahayan ni Potiphar sapagkat
  - a. Siya ay mahusay magtrabaho
  - b. Siya ay pinatnubayan ng Diyos
  - c. All of the above


8. Dahil naipaliwanag ni Joseph ang panaginip ng dalawang kasamahan sa bilangguan, naging sanhi ito upang madala siya sa harap ni Potiphar.
  - a. True
  - b. False
  
9. Ang pagco-control ay pagpipigil sa pagpapatupad ng plano.
  - a. True
  - b. False
  
10. Ang ikatlong bagay na bumubuo sa pagco-control ay pananagutan.
  - a. Ang bawat isa ay may pananagutan sa kanyang sarili.
  - b. Ang bawat isa ay may pananagutan sa Panginoong Jesus lamang.
  - c. Ang bawat isa ay may pananagutan sa kung sino ang nakakasakop sa kanila.

## II. Short Essay (250 words - 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

**Note:**

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *I-submit ang sagot essay sa iyong Pastor.*



© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.